

**STINSON BEACH COUNTY WATER DISTRICT
RESOLUSYON NUM. GB-2020-01**

**ISANG RESOLUSYON NG LUPON NG MGA DIREKTOR NA
NAGTATAGUYOD NG PATAKARAN SA TERMINASYON NG
RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG**

KUNG SAAN, inaatas ng seksiyon 60370 ng California Government Code, Seksiyon 10001 ng California Public Utilities Code, Seksiyon 116900 ng Health and Safety Code, at SB 998 na ipatupad ng Distrito ang nakasulat na patakaran patungkol sa pagputol ng residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad.

NGAYON, SAMAKATUWID, HAYAANG MARESOLBA, na ang Lupon ng Mga Direktor ng Stinson Beach County Water District ay magpatupad ng sumusunod na Patakaran sa Terminasyon ng Residensiyal na Serbisyong Tubig:

**Patakaran sa Terminasyon ng Residensiyal na
Serbisyong Tubig**

I. Background

Inayon ang patakarang ito para masunod ang mga obligasyon ng Stinson Beach County Water District (Distrito) sa ilalim ng Kodigo ng Pamahalaan ng California Seksiyon 60370 *et seq.*, Kodigo ng Mga Pampublikong Utility ng California Seksiyon 10001 *et seq.* at Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116900 *et seq.*, na namamahala sa terminasyon ng ilang serbisyo ng utility. Inaatas ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan Seksiyon 116900 *et seq.*, ang Batas sa Proteksiyon sa Pagpatay ng Tubig na ipinatupad ng SB 998, ang mga urban na supplier ng tubig at urban at komunidad na sistema ng tubig tulad ng Distrito, na magpatupad ng nakasulat na patakaran patungkol sa pagputol ng serbisyong residensiyal dahil sa hindi pagbabayad.

Makukuha ang patakarang ito at ipapaskil sa website ng Distrito sa Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, at Koreyano.

II. Pagbabayad ng Serbisyong Tubig sa Tirahan

Ang bawat taong nakakatanggap ng serbisyong tubig mula sa Distrito ay kailangang magbayad para sa nasabing serbisyo sa araw bago ang huling araw ng negosyo ng buwan kung saan ang statement o singil ay pinadala sa koreo. Maliban sa pinagbabawal ng batas, may karapatan ang Distritong putulin ang serbisyong tubig dahil sa kabiguang makagawa ng kumpleto at napapanahong bayad. Hindi ihihinto ng Distrito ang residensiyal na serbisyong tubig para sa hindi pagbabayad hanggang ang account ng subject ay naging delinkuwente ng hindi bababa sa 60 araw ng kalendaryo.

III. Pagtanggi sa Singil

Kung sa paniwala ng kostumer na sobra siyang nasingil para sa residensiyal na serbisyong tubig o nasingil para sa residensiyal na serbisyong tubig na hindi naibigay, maaaring itanggi ng kostumer ang halagang nakatakda sa pag-abiso sa Distrito sa pamamagitan ng sulat sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo matapos matanggap ang statement o singil sa 3785 Shoreline Highway, P.O. Box 245, Stinson Beach, CA 94970. Susuriin ng Distrito ang impormasyong nilaan ng kostumer at iimbistigahan ang usapin. Ang General Manager ay gagawa ng pagpasya batay sa lahat ng impormasyon at may awtoridad na iayon ang halagang nakatakda sa patas at makatarungang paraan, kung angkop.

Kung tumanggi ang kostumer, sa pasya, maaaring iapela ng kostumer, sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa pagpasya ng General Manager, ang pasya, sa pamamagitan ng pagsulat, sa Lupon ng mga Direktor. Rerepasuhin ng Lupon ng Mga Direktor ang talaan at gagawa ng determinasyon sa susunod nitong regular na pulong ng Lupon ng

Mga Direktor. Ang pagpasya ng Lupon ng Mga Direktor ay pinal.

IV. Abiso sa Terminasyon ng Residensiyal na Serbisyo

Magbibigay ang Distrito sa mga kostumer at/o aktuwal na mga gumagamit ng abiso ng delinkuwenteng bayad at napipintong terminasyon ng serbisyo ng hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ang posibleng terminasyon ng serbisyo. Ang nakasulat na abiso ay ipadadala gamit ang sertipikadong mail.

V. Pagpigil sa Terminasyon ng Residensiyal na Serbisyo

Ang mga kostumer at/o aktuwal na gumagamit ng serbisyong tubig ay maaaring kumontak sa kinatawan ng Distrito sa (415) 868-1333, para talakayin ang mga opsiyon para mapigilan ang terminasyon ng residensiyal na serbisyo para sa hindi pagbabayad.

Sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo ng pagkatanggap ng abiso ng terminasyon o anumang oras bago matanggap ang nasabing abiso, maaaring humiling ang kostumer na aprubahan ng Distrito ang alternatibong opsiyon sa pagbabayad para mapigilan ang terminasyon, kasama ang inantala o binawasang plano ng pagbabayad, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o kasunduan para hulugan ang mga delinkuwenteng halaga. Sa oras ng nasabing kahilingan, magbibigay ang kostumer sa Distrito ng dokumentasyon na katibayan na ang singil ay higit sa kakayahan ng kostumer na magbayad nang buo sa normal na panahon ng pagbabayad.

Sa pangkalahatan, maaaring ibigay ng Distrito ang anumang nasabing kahilingan sa sarili nitong diskresyon, pero ibibigay nito ang nasabing kahilingan, ay hindi wawakasan ang residensiyal na serbisyong tubig, kung ang lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

1. Ang kostumer, o nangungupahan sa kostumer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng tagapagkaob ng pangunahing pangangalaga, (ayon sa kahulugan sa Welfare and Institutions Code seksiyong 14088(b)(A)(1)) na ang pagputol ng serbisyong residensiyal ay banta sa buhay sa o magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng pag-aaring tumatanggap ng serbisyo; AT
2. Ipinakita ng kostumer na pinanisyal siyang hindi makakabayad ng residensiyal na serbisyong tubig sa loob ng normal na siklo sa pagsingil ng Distrito sa pagtupad sa isa sa sumusunod:
 - a. Ang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay sa kasalukuyang tumatanggap ng CalWORK, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o
 - b. Dinekralara ng kostumer na ang kanyang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng federal poverty level; AT
3. Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa pag-aamortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o nabawasang pagbabayad, na katulad ng Polisiyang ito.

Sa nasabing pagpapakita o sa sarili nitong diskresyon, ayon sa naaangkop, ang Distrito ay maghahandog sa kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsiyon:

1. Amortisasyon ng natitirang balanse.
2. Alternatibong iskedyul sa pagbabayad.
3. Isang bahagi o buong pagbabawas ng hindi bayad na balanse.

4. Pansamantalang pagpapaliban ng bayad.

Maaaring piliin ng Distrito kung aling opsiyon ng pagbabayad ang isasagawa ng kostumer at maaaring itakda ang mga parametro ng opsiyon sa pagbabayad, sa sariling diskresyon ng Distrito. Ang anumang napiling opsiyon sa muling pagbabayad ay dapat magresulta sa buong muling pagbabayad ng umiiral na balanse sa loob ng 12 buwan, pero maaaring magbigay ang Distrito ng mas matagal na termino kung kailangang iwasan ang hindi nauukol na kahirapan batay sa partikular na sirkumstansiya ng kostumer.

IPINASA AT IPINATUPAD ng Lupon ng Mga Direktor ng Stinson Beach County Water District sa pulong nito na isinagawa sa ika-15 araw ng Pebrero 2020 sa sumusunod na boto:

MGA OO: Boucke, Cross, Nelsen, Zell

MGA HINDI:

ABSENT: Baskin

NAG-ABSTAIN:

Sandra Cross, Board of Directors Vice President
Stinson Beach County Water District

PAGPAPATOTOO:

(Selyo)

Ed Schmidt, Secretary sa Board/General Manager
Stinson Beach County Water District